3
Grade

(GCED)
# Global Citizenship Education
## Lesson Exemplar
# ARALING PANLIPUNAN

Copyright © 2021 Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding,
Philippine Normal University, and Department of Education-Philippines

All rights reserved. No part of this book may be reproduced or used in any manner without written permission of the copyright owner except for the use of quotations in a book review.

**Published by**
Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding
and
Philippine Normal University
Manila, Philippines

Learning Area: Araling Panlipunan
Grade Level: 3
Title: Wasto at Matalinong Pangangasiwa sa mga Pangunahing Pinagkukunang Yaman
Project: Global Citizenship Education Curriculum Development and
Integration in the Philippines

**Editorial Board**
Writer: Dan Ralph M. Subla

Layout Artist: John Ray D. Barcena

Language Editor: Jasper P. Lomtong

Content Editor: Ma. Lorella C. Arabit-Zapatos

Developmental Editor: Ma. Lorella C. Arabit-Zapatos

Associate Editors: Serafin A. Arviola Jr., Carl O. Dellomos, Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta

Managing Editors: Carl O. Dellomos and II Timothy D. Salegumba

Chief Editor: Carl O. Dellomos

**Reviewers**
Paul Gavasan, Maribeth A. Magpali, Mariles I. Sarmiento, Vergie R. Vergara, Ma. Eirish S. Zulueta, Richard C. Agustin, John Bren M. Dolor, Joseph Joy G. Havana, Francis Albert B. Mendoza, Jovel J. Oberio, Hel S. Patricio, Reynante M. Sofera, and Jinx D. Villas

**Consultants**
Bert J. Tuga, Jocelyn DR Andaya, and Rita B. Ruscoe

**Project Management Team**
*Project Director: Serafin A. Arviola Jr.*
*Deputy Project Director: Carl O. Dellomos*
*Core Team Members: Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta*
*Faculty Assistant: Iona Ofelia B. Zanoria*
*Technical Assistants: II Timothy D. Salegumba and Jean Pauline E. Maur*

ISBN: 979-11-87819-91-2
APCEIU Publication Number: BE-RND-2021-054

**Learning Area:** Araling Panlipunan

**Grade Level:** 3

**Quarter:** 1st

**GCED Domain/s:** Cognitive, Behavioral

**GCED Indicator/s:**

D.1.1.a- Recognize complex situations or problems

D3.1.a - Demonstrate ethical and responsible behavior for a just and sustainable society

**GCED Topic/s:**

T.3 Environmental Protection and Sustainability

T.3.3 Environmental Practices and Behaviors

**Enhanced Content Standard/s:**

Ang mag-aaral ay naipamamalas ang pang-unawa sa kinalalagyan ng mga lalawigan sa rehiyong kinabibilangan ayon sa katangiang heograpikal nito na may kaugnayan sa global, nasyonal at lokal na sistema.

**Enhanced Performance Standard/s:**

Ang mag-aaral ay masiglang nakapaglalarawan ng pisikal na kapaligiran ng mga lalawigan sa rehiyong kinabibilangan gamit ang mga mapagkakatiwalaan at angkop na batayang impormasyon tungkol sa direksiyon, lokasyon, populasyon at paggamit ng mapa.

**Time Allotment:**

40 minutes

# TABLE OF CONTENTS


| | |
|---|---|
| **Lesson Title** | 2 |
| **Lesson Introduction** | 3 |
| Lesson Objectives (What I Need to Know/ Alamin) | 3 |
| Pretest (What I Know / Subukin) | 4 |
| **Lesson Proper** | 5 |
| Review (What's In / Balikan) | 5 |
| Activity (What's New/ Tuklasin) | 6 |
| Discussion (What is It / Talakayin) | 7-8 |
| Generalization (What I Have Learned/ Isaisip) | 9 |
| Reflection (Why is it meaningful and relevant /Isapuso) | 10 |
| Application (What I Can Do / Isagawa) | 11 |
| Assessment / Tayahin | 12 |
| Answer Key / Susi sa Pagwawasto | 13 |
| References / Sanggunian | 14 |

# WASTO AT MATALINONG PANGANGASIWA

## SA MGA PANGUNAHING PINAGKUKUNANG YAMAN



# LESSON INTRODUCTION

Ang Pilipinas ay isa lamang sa mga bansa sa buong mundo na sagana sa mga pinagkukunang yaman. Makikita sa mga rehiyon at lalawigan ng bansa ang iba't-ibang pinagkukunang yaman na nagbibigay kabuhayan sa mamamayan at nagpapaunlad sa kabuuang ekonomiya ng bansa. Maraming pakinabang ang nakukuha mula sa mga pinagkukunang yaman. Kaya sa paksang ito, matututuhan ng mga mag-aaral ang wasto at matalinong pangangasiwa sa mga pangunahing pinagkukunang yaman bilang mamamayan ng bansa at ng mundo. Mahalaga na maisabuhay ang mga paraan ng matalinong pangangasiwa upang makatulong sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinakaharap ng mga pangunahing pinagkukunang yaman.

# LESSON OBJECTIVE

## (WHAT I NEED TO KNOW / ALAMIN)

Sa loob ng itinakdang oras, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Naiisa-isa ang wasto at matalinong pamamaraan sa pangangasiwa ng mga pangunahing pinagkukunang yaman.

2. Naipaliliwanag ang wasto at matalinong paraan ng pangangasiwa sa mga pangunahing pinagkukunang yaman.

3. Napahahalagahan ang matalinong pangangasiwa sa mga pangunahing pinagkukunang yaman sa pamamagitan ng isang malikhaing presentasyon.

4. Nakagagawa ng isang mabuti at matalinong gawain sa pangangasiwa sa mga pangunahing pinagkukunang yaman.

# PRETEST

## (WHAT I NEED TO KNOW / SUBUKIN)

**Panuto:** Isulat ang **TAMA** kung wasto ang isinasaad ng bawat pahayag at **MALI** naman kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang wasto at matalinong pangangasiwa sa mga pinagkukunang yaman ay nagdudulot ng mabuting epekto sa kabuhayan ng tao.

2. Ang pagputol sa mga punong may sapat na gulang ay nagpapakita ng matalinong pangangasiwa sa yamang gubat.

3. Napipigilan ang pagguho ng lupa kung patuloy ang pagmimina ng walang sapat na kaalaman.

4. Ang paggamit ng mga nakalalasong kemikal sa panghuhuli ng isda sa mga ilog at sapa ay nakakabuti sa mga yamang tubig.

5. Isang halimbawa ng matalinong pangangasiwa ang paggawa ng pataba sa lupa gamit ang mga nabulok na dahon, basura, at dumi ng hayop sa compost pit.

# LESSON PROPER

## REVIEW (WHAT'S IN/BALIKAN)

Pansinin ang mga larawan sa ibaba. Hanapin sa loob ng kahon ang konsepto na may kaugnayan sa bawat larawan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| Pagmimina | Pagsasaka |
| Pagtotroso | Pangingisda |



**1.** ______________________



**2.** ______________________



**4.** ______________________



**5.** ______________________

# LESSON PROPER

## ACTIVITY (WHAT'S NEW/TUKLASIN)

Sa bahaging ito, ang guro ay magpapakita ng mga larawan tungkol sa iba't-ibang gawain ng tao sa mga pangunahing pinagkukunang yaman. Pag-aaralan nang mabuti ang mga larawan at tutukuyin kung alin ang nagpapakita ng matalinong pangangasiwa sa mga pinagkukunang yaman. Lalagyan ng tsek (/) ang kahon na nasa itaas na bahagi ng larawan kung wasto ang ipinapakitang gawain at ekis (X) naman kung hindi.











# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

Ang Pilipinas ay isa sa mga tropikal na bansa sa mundo na sagana sa iba't-ibang pinagkukunang yaman. Mayroon tayong mayaman na kagubatan, pangisdaan, at minahan na nakatutulong sa pagpapaunlad ng pamumuhay ng bawat mamamayan. Makikita ang mga ito sa mga lalawigan at rehiyon sa buong bansa. Ngunit sa paglipas ng panahon, ang mga pinagkukunang yaman ay unti-unting nasisira at naglalaho dahil sa mga gawain ng tao na nagdudulot ng masamang epekto sa mga ito. Ang malalakas na bagyo, pagbaha, pagguho ng lupa, at unti-unting pagkaubos ng mga hayop sa kagubatan ay iilan lamang sa mga epekto ng di matalinong pangangasiwa ng mga pinagkukunang yaman na nakakaapekto rin sa pamumuhay ng mga tao. Ito ay katotohanang nangyayari hindi lang sa mga rehiyon at lalawigan sa Pilipinas kundi pati na sa ibang mga bansa sa buong mundo.

Paano kaya natin mapapangalagaan ang mga pinagkukunang yaman? Ano-anong paraan o hakbang ang dapat gawin upang mapangasiwaan nang wasto ang mga ito? Narito ang ilang mga paraan sa wasto at matalinong pangangasiwa ng mga pangunahing pinagkukunang yaman.

**Wasto at Matalinong Pangangasiwa sa mga Pangunahing Pinagkukunang Yaman**

| Yamang Kagubatan | Yamang Tubig | Yamang Mineral | Yamang Lupa |
|---|---|---|---|
| 1.Pagtatanim ng puno sa mga nakakalbo at nakatiwangwang na gubat.<br><br>2.Hindi pagpapahintulot sa gawaing pagkaingin.<br><br>3.Pagputol ng punong may sapat na gulang lamang | 1.Pag-iwas sa paggamit ng mga kasangkapang nakapipinsala sa pangingisda.<br><br>2.Pag-iwas sa paggamit ng bangkang de motor sa pangingisda.<br><br>3.Pagsasaayos sa lugar ng bakawan sa pangingisda. | 1. Pagkontrol sa polusyong idudulot ng pagmimina.<br><br>2. Pag-aaral sa makabago at siyentipikong pamamaraan ng pagmimina sa bansa.<br><br>3. Pag-iingat sa pagkasira ng lupang- minahan. | 1.Pagpapalit ng pananim upang makatulong sa pagpapanatili ng pagiging mataba ng lupa.<br><br>2.Panghihikayat sa mga mamamayan na magtanim gamit ang Bio Intensive Gardening (BIG). |

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

**Wasto at Matalinong Pangangasiwa sa mga Pangunahing Pinagkukunang Yaman**

| Yamang Kagubatan | Yamang Tubig | Yamang Mineral | Yamang Lupa |
|---|---|---|---|
| 4.Paghalili ng mga pinutol na puno.<br><br>5.Paghuli ng mga ibon sa panahon lamang ng open season | 4.Paggamit ng lambat na may malalaki o katamtamang mga butas.<br><br>5.Hindi pagtatapon ng dumi at basura sa ilog, dagat, lawa, o sapa. | | 3. Paggamit ng mga nabulok na dahon, basura, at dumi ng hayop sa compost pit bilang pataba ng lupa.<br><br>4.Pagtatanim sa pagitan ng mga pananim upa-ng ang lupang ibabaw ay map-anatiling mataba. |

Mga Tanong:

1. Ano-ano ang wasto at matalinong pamamaraan sa pangangasiwa ng mga pangunahing pinagkukunang yaman? Bakit mahalaga na malaman ang tungkol dito?

2. Ano-ano ang posibleng epekto sa tao kung hindi mapangangasiwaan nang may katalinuhan ang mga pinagkukunang yaman?

3. Bilang isang mag-aaral, ano ang iyong maaring gawin sa mga inilahad na pamamaraan sa matalinong pangangasiwa ng mga pangunahing pinagkukunang yaman?

# LESSON PROPER

## GENERALIZATION (WHAT I HAVE LEARNED/ISAISIP)

Panuto: Basahin at unawain nang mabuti ang bawat pahayag. Iguhit sa patlang ang masayang mukha 😀 kung tama ang isinasaad ng pahayag, at malungkot na mukha ☹️ naman kung mali.

________1. Mapapangalagaan ang mga pinagkukunang yaman kung ang tao ay may wasto at matalinong pangangasiwa sa mga ito.

________2. Ang pagpapatupad ng mga pamantayan o batas ay hindi nakatutulong sa pangangalaga ng mga pinagkukunang yaman.

________3. Ang Yamang Lupa, Yamang Kagubatan, Yamang Mineral, at Yamang Tubig ay mga pangunahing pinagkukunang-yaman.

________4. Lalong maghihirap ang mga tao at babagsak ang ekonomiya kung may matalinong pangangasiwa sa mga pinagkukunang yaman.

________5. Malaki ang papel na ginagampanan ng mga pinagkukunang yaman sa pagpapaunlad ng hanapbuhay ng tao.

# LESSON PROPER

## REFLECTION (WHY IS IT MEANINGFUL AND RELEVANT/ISAPUSO)

**Gawain 1**

Pag-aralan ang dalawang larawan sa ibaba. Bumuo ng saloobin tungkol sa ipinapahiwatig ng mga larawan gamit ang mga gabay na tanong.



**LARAWAN A**



**LARAWAN B**

Mga Gabay na Tanong:

1. Ano ang iyong nakikita sa dalawang larawan?
2. Mayroon bang pagkakaiba na mapapansin sa mga ito? Kung meron, ano ang mga ito?
3. Ano ang iyong naramdaman matapos mong makita ang dalawang larawan? Ipaliwanag.
4. Aling larawan ang nagpapakita ng epekto ng maayos na pangangasiwa sa mga pinagkukunang yaman? Alin naman ang hindi?
5. Dapat bang pangalagaan at pangasiwaan nang maayos ang mga likas na yaman? Bakit?
6. Anong mga gawain o paraan ang maaring mabuo sa pangangasiwa ng mga pinagkukunang yaman na makikita sa larawan?

# LESSON PROPER

## APPLICATION (WHAT I CAN DO/ISAGAWA)

Upang mailapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa leksyong ito, hahatiin ang klase sa apat na pangkat. Bawat pangkat ay magtatampok ng isang epektibo at matalinong paraan sa pangangasiwa ng mga pinagkukunang yaman. Maaring ang paraan ay ginagawa na sa bahay, paaralan, o komunidad. Pagkatapos ay ibabahagi nila ito sa klase sa pamamagitan ng isang malikhaing paglalahad. Gagamitin ang rubriks bilang gabay sa gawain.

**RUBRIK SA PAGGAWA NG MALIKHAING PAGLALAHAD**

| Pamantayan | Napakahusay (3) | Mahusay (2) | Kailangang Magsanay (1) |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Napakalawak ng impor-masyong ibin-igay | Malawak ang impor-masyong ibinigay | Hindi tiyak ang mga im-pormasyong ibinigay |
| Paglalahad | Napakalinaw at napakaayos ng paglalahad | Malinaw at maayos na paglalahad | Hindi gaanong malinaw at maayos ang paglala-had |
| Kaayusan | Napakaayos ang pagkasu-nod-sunod ng mga imporma | Maayos ang pagkakasun-od-sunod ng mga impor-masyon | Hindi gaanong maayos ang pagkaksunod-su-nod ng mga impor-masyon. |

# ASSESSMENT

## TAYAHIN

**Panuto:** Basahin at unawain nang mabuti ang bawat pahayag. Isulat ang WASTO kung ang kilos na isinasaad ay tumutukoy sa matalinong pangangasiwa ng pinagkukunang yaman at DI-WASTO naman kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Maagap na pagtatanim sa mga nakakalbo o tiwangwang na gubat.
2. Pagmimina nang kulang ang kaalamang panteknolohiya.
3. Pag-iwas sa paggamit ng mga kasangkapang nakapipinsala sa pangingisda.
4. Paggamit ng lambat na may malalaki o katamtamang mga butas ay isang matalinong pangangasiwa sa mga yamang tubig.
5. Pagtatapon ng duming mula sa mga pabrika sa katubigan na nagdudulot ng polusyon.
6. Paghuhukay upang magmina ng walang pahintulot.
7. Pag-aaral sa makabago at siyentipikong pamamaraan ng pagmimina sa bansa.
8. Paggamit ng mga nabulok na dahon, basura, at dumi ng hayop sa compost pit bilang pataba ng lupa.
9. Labis na paggamit ng mga kemikal at pataba.
10. Pagtatayo ng mga subdivision, mall, pabrika, at sementeryo sa mga lupain sa halip na pagtataniman.

# ANSWER KEY

## SUSI SA PAGWAWASTO

Pre-Test

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. MALI
5. TAMA

Review

1. Pagmimina
2. Paggugubat
3. Pagsasaka
4. Pangingisda

Activity

1. X
2. /
3. X
4. /
5. /

Enrichment Activity

“Depende sa sagot ng mag-aaral”

Generalization

1. 😀
2. ☹️
3. 😀
4. ☹️
5. 😀

Assessment

1. WASTO
2. DI-WASTO
3. WASTO
4. WASTO
5. DI-WASTO
6. DI-WASTO
7. WASTO
8. WASTO
9. DI-WASTO
10. DI-WASTO

# REFERENCES

## SANGGUNIAN


Araling Panlipunan Grade-III LM, pp. 137-153

**Photo Credits**

Pearce, Fred. "Gina Lopez, 2017
Retrieved from
https://e360.yale.edu/features/how-an-activist-minister-in-the-philippines-took-on-the-mining-barons-gina-lopez on July 9, 2021

https://www.forbes.com/sites/trevornace/2019/05/29/new-filipino-law-requires-every-student-to-plant-10-trees-if-they-want-to-graduate/?sh=71449d545aeb

Spiegel, Alison. "Rice Paradise", 2014
Retrieved from
https://www.huffpost.com/entry/rice-harvesting_n_6021266 on July 9, 2021

Marcelo, Elizabeth. " Fish Pen", 2017
Retrieved from
https://www.philstar.com/business/agriculture/2017/02/27/1675222/fishers-group-wants-clearer-resolution-laguna-de-bay-fishpen-ban on July 9, 2021

https://abreniandotcom.files.wordpress.com/2013/11/kaingin_farming.jpg

tvird. "Metal Mining", 2013
Retrieved from
http://tvird.com.ph/tvird-proclaimed-most-awarded-metal-mining-company/ on July 9, 2021

https://www.spot.ph/newsfeatures/the-latest-news-features/74702/wavefarers-coastal-clean-up-a00258-20180808

Macritan . "Garbage". 2016
Retrieved from
https://macritan.wordpress.com/2016/09/26/throwing-garbage/ on July 9, 2021

globalstewards. "Pollution from Plastics". [n.d]
Retrieved from
http://www.globalstewards.org/plastics-pollution.htm

비매품/무료
13370
9 791187 819912
ISBN 979-11-87819-91-2